ANG KUSOG san rebolusyon
PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO--REHIYONG BIKOL

Tomo I, Isyu Blg. 6
Marso 26, 2015

Editoryal

Paigtingin ang Pakikibaka ng Mamamayang Masbateño laban sa Dayuhan, Mapaminsala at Malakihang Pagmimina ng Filminera Resources Corporation.

Nagpapatuloy ang pandarambong ng dayuhang monopolyo kapitalista sa pagmimina sa likas na yaman ng Probinsya ng Masbate. Mapanganib ito dahil maliban sa nangangahulugan ito ng patuloy na dislokasyon at malawakang pangangakamkam sa lupa ng mga magsasaka, pagtindi at dumarami ang paglabag sa karapatang pantao at dahil sa "open pit mining" ito, malala ang pagkawasak at pagkasira ng kalikasan at kapaligiran.

Ang pagmimina sa probinsya ay nagsimula noon pang panahon ng pagpasok ng mga negosyanteng Tsino at kolonyalistang Espanyol. Bagama't hindi nabigyan ng halaga ang pagmimina ng kolonyalistang Espayol sa probinsya, inagaw naman nito ang malawak na lupain ng mga magsasaka at tinaniman ng mga pananim na kailangan ng kanilang bansa. Subalit napalayas sila sa probinsya sa pamamagitan ng pag-aalsang magsasaka na pina-ngunahan ng isang lokal na lider-magsasaka na may apelyidong Quipte na taga-Uson, Masbate.



Nang dumating ang Kolonyalistang Amerikano sa probinsya, kinonsentrahan nito ang pagmimina, pag-papatuloy sa plantasyon ng produktong agrikultural at pagtotroso. Layunin nitong magkamal ng malaking tubo at kita sa pamamagitan ng pagkulimbat sa likas na yaman at hilaw na materyales ng probinsya at ng bansa. Para maisakatuparan ito, kinontrol nito ang ekonomya, pulitika at kultura ng bansa kasabwat ang mga malalaking panginoong maylupa, malaking burgesya kumprador at mga lokal na pulitiko.

Katunayan, sa pagmamadaling kumita at magkamal ng malaking tubo ang kolonyalistang Amerikano kasabay ng iba pa sa buong bansa ang "Masbate Consolidated Mining Company" na itinayo noong 1936. Subalit hindi ito nagtuluy-tuloy dahil sa pagsiklab ng ikalawang digmaang pandaigdig kung saan sinakop ng Hapon ang Pilipinas. Ang nasimulan ng minahan ay pinasok ng mga lokal na minero o yung small-scale miners na nagpatuloy hanggang taong 1979.

Matatandaan na taong 1979 pumasok sa probinsya ang Atlas Consolidated Mining and Develop-ment Corporation na noon ay nagmimina din ng Tanso at Copper sa Toledo City, Cebu. Pag-aari ito ng grupo ng pamilya Soriano na nagmamay-ari din sa mga kumpanya na San Miguel Beer, Coca-cola at iba pa.

Taong 1979 din ng maaprobahan ng gobyerno ang lisensya ng Atlas

para magsimula nang magmina ng ginto sa probinsya at noon 1980 ay todo-todo na ang naging pagmimina ng kumpanya hanggang sa magsara ito noong 1994. Hindi inaasahan ang biglaang pagsara ng kumpanya na karamihan sa mga manggagawa ay naiwang naghihintay ng kanilang di nabayarang sahod at benepisyo.

Ang abandonado na namang minahan ay pinasok ng aabot sa 5,000 na mga maliliit na minero sa lugar. Subalit makalipas ang dalawang taon, taong 1996, pinasok ito ng Base Metals Mineral Resources Corporation na nakakuha ng permit sa pagmimina sa DENR para sa paghahanap ng pilak (silver) at ginto sa mismong lugar na inabandona ng Atlas. Bagama't mariin itong tinutulan ng mga maliliit na minero, naaprobahan pa rin ang permit nito noong 1998.

Alinsunod sa Mining Act of 1995 at sa maniobra ng dayuhang monopolyo kapitalista sa pagmimina kasabwat ang lokal na naghaharing-uri at mga galamay nito, ang Base Metals Mineral Resources Corporation na pumalit sa Atlas ay naging Masbate Gold Project ng Filminera Resources Corporation / PGMC (Australian) &Thistle Mining Corp. (Canada). Ito ay isa sa nasa lista ng "Top Priority Mining Projects" sa ilalim ng Mining Revitalization Program at National Mineral Policy (NMP) ng gubyerno. Deklarado itong Patented Mining Claims (PMC) - isang karapatan at pribiliheyo na ibinibigay ng pamahalaan sa isang dayuhang TNC's na gamitin, angkinin o linangin ang pampublikong lupa at lahat ng likas na yaman sa lugar nito para sa pagmimina. Ang Patented Mining Claims ng Filminera ay 235 ektarya sa Aroroy, Masbate.

Maliban sa wala namang pakinabang dito ang mamamayan ng Masbate, patuloy na operasyong pagmimina ng Filminera sa pamamaraang open pit mining ay mabilisan ang pagkaubos ng yamang mineral at winawasak nito ang kapaligiran. Hinahayaan lang ang ganitong pamamaraan ng pagmimina, walang kontrol dito ang lokal na pamahalaan dahil itinakda itong "national project"

Sa kasalukuyan, ang operasyon na ito ng Filminera ay lubhang naglalalagay sa panganib ng mamamayan sa pamamagitan ng sumusunod:

1. Lason sa itinatapong tubig ng minahan.

Ang Filminera walang "Water Treatment Facility" o planta para alisan ng lason ang tubig na mula sa minahan. Hinihinalang nanghihinayang ito sa P300 milyon na halaga kung magpapagawa ng nasabing planta. Kaya sa halip ay ipinadadaan na lang sa 5 kilometrong tubo ang tubig na puno ng kemikal mula sa minahan papunta sa dagat sa Sityo Recodo, Barangay Puro.

Ang sobra-sobrang buhos ng itinatapong tubig ng mina ay maaaring maging dahilan ng pagkagiba ng hukay na tipunan ng tubig at magresulta sa biglaang pagbaha ng tubig na punong-puno ng lason. Kahit umandar pa ang sinasabing tubo ay di pa rin maiiwasang tumagas ang mga lason mula sa mina patungo sa mga ilog, sapa hanggang sa karagatan. Mapanganib ito para sa mga naninirahan sa mababang parte ng kalupaan.

Patunay dito ang eksperimento na isinagawa ng kumpanya, nagtali ng mga kambing sa mga damuhang nasa mababang bahagi ng minahan. Namatay ang mga kambing na wala namang magiging dahilan kundi ang pagkalason ng mga halamang kinain nito. Para hindi maakusahan, nagmamadaling pinalitan ng mga opisyal ng kumpanya ng buhay na mga kambing ang mga namatay.

ANG KUSOG san rebolusyon
PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO–REHIYONG BIKOL
Tomo I, Isyu Blg. 6 Marso 26, 2015

Ang Ang Kusog ay inilalabas sa pinagsama na lengwaheng Tagalog, Masbateño at Cebuano.

Tumatanggap ang Ang Kusog ng mga kontribusyon sa anyo ng artikulo at balita. Iniingganyo din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ika-uunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng pagbigay sa mga kasamang kumikilos sa inyong mga lugar saan mang bahagi dito sa ating probinsya.

Nilalaman

Editoryal: Paigtingin ang Pakikibaka ng Mamamayang Masbateño laban sa Dayuhan, Mapaminsala at Malakihang Pagmimina ng Filminera Resources Corporation. 1

Ang punong papel ng US sa labanan sa Mamasapano 5

Kasaysayan san duta sa Brgy. Danao ug ang pag-intra san Task Group Masbate matapos kampihan an asyendero sa Isla san Ticao. 6

Mga Balita 9

Kultura 12

Ang Ang Kusog ay inilathala isang beses kada tatlong buwan sa probinsya ng Masbate.

Maliban nito, dalawang ilog din ang mistulang pinatay ng mga tumatapong lason sa tubig na mula sa Filminera, ito ay ang Samuyo River sa Panique at iba pang ilog na konektado dito.

Noong 2013 ay nangyari ang pagkabutas ng tubo at pagtagas ng lasong tubig sa barangay ng Panique (8 barangay ang saklaw ng Filminera). Ang mga retirado nang minero noong panahon pa ng Atlas ay sumusumpang di sila magkakamali na ang naamoy nila ay amoy ng cyanide na isang kemikal na napakatindi at madaling makamatay ang lason. Pero sa halip na ayusin ang nabutas na tubo ay ginawan na lamang ng kanal sa ilalim ng tubo para tuluy-tuloy na umagos sa dagat ang nangangamoy na cyanide sa tubig mula sa mina.

Ang pinakamalala ay ang kaso ng dalawang batang namatay pagkatapos nilang kumain ng pagong na nadakip mula sa bahaging dinadaluyan ng may lasong tubig mula sa Filminera.

2. Mga ginagawang pagpapa-sabog ng mina.


Malaking usapin din ang isyu ng pabago-bagong iskedyul ng mga pagpapasabog na ginagawa ng minahan. Kapag may tinakdang iskedyul ng pagpapasabog ay di pumupunta sa kanilang taniman ang mga magsasaka para di madelekado sa epekto ng pasabog. Ang problema ay kalimitang di naman natutuloy ang pagpapasabog sa tinatakda nilang iskedyul at kapag inakala ng mga magsasaka na di naman siguro magpapasabog dahil wala namang abiso ay saka naman mangyayari ang sunod-sunod at malalaking pagsabog na nalalagay sa delekado ang kaligtasan ng mga tao. Dagdag pa, ang malalaking pagsabog ay kasing lakas ng lindol kaya nagdudulot ng pagkasira ng mga dingding at sahig na sementado ng mga bahay sa paligid.

3. Panganib sa mga eskwelahan at kabahayan.

Ang gabundok na tambak ng lupa at bato mula sa malaking hukay na kinukunan ng mina ay mapanganib dahil anumang oras ay maaring gumuho at matabunan ang mga iskwelahan at bahay. Nasa likuran lang kasi ito ng nasabing mga istruktura.

4. Pagpapalayas sa mga residente at magsasaka.

Dahil sa open pit na sistema ng pagmimina ng Filminera, lahat ng sasaklawin ng napakalaking hukay ay obligadong palayasin. Dahil din sa malawak ang mining claims nito, malaking bilang ng magsasaka at residente ang apektado. Nakaamba rin na palayasin ang mga residente at magsasaka sa pinaplanong ekspansyon ng Filminera sa mga bayan ng Milagros, Uson, Mobo, Cawayan at Masbate City.



5. Pagkawasak ng kalikasan.

Hindi na maibabalik at permanente na ang dating mga kabundukan na napatag at nawala na at sa halip ay naging isang malawak at malalim na higanteng butas na kapag dumaan ang tag-ulan ay mapupuno ng tubig na may lason at aawas patungo sa dagat at kabahayan. Ang mga madadaanan nitong umaawas na tubig na may lason ay di na tutubuan ng ano mang halaman.

Ang mga puno ng dating siyang nagsisiguro ng malinis na tubig inumin at gamit panlaba at paligo ng mamamayan ay di pinatawad ng mga higanteng makina na ginamit ng kumpanya sa mina. Syempre ay aapekto ito sa suplay ng tubig sa nakapaligid na mga komunidad

Ang mga iniliko at pinatay na mga ilog ay magreresulta sa pagkatuyo ng dating mga may irigasyong mga sakahan at lalo na ang mga palaisdaan sa bungad ng dagat na dinadaluyan ng may lasong tubig mula sa mina. Wala na ring maaaring gamiting tubig inumin dahil sa panganib ng lason.

Ang dagat na syang sasalo sa lahat ng may lasong tubig na manggagaling sa minahan ay isang masiglang komunidad at kung saan nakatayo ang 68 mga palaisdaan at libong ektaryang di na mapapakinabangan.

Itinatakda ng batas at ipinapangako ng Filminera na magkakaroon ng plano at alokasyon para sa rehabilitasyon at yugto-yugtong pag-aalis at pag-aayos sa panahong tatapusin na ang pagminima. Dapat nga ay may pondong nakalaan para dito pero hindi na maisisiguro kung kanino ito sisingilin.

Kung ang pagpapagawa ng sinasabing planta para alisan ng lason ang tubig na ibinubuga ng mina ay limang taon na pinabayaan mas lalo pa ang pagpapatupad ng nasabing plano sa panahong paalis o nakaalis na ang mga dayuhang kumpanya.

Ang Filminera sa katotohanan ay nagmamay-ari lang ng lisensya sa pagmimina at pagproseso ng ginto at lalong walang pag-asang mag-babayad ito ng danyos.

6. Militarisasyon at malawakang paglabag sa karapatang pantao.

Ang signipikanteng bilang ng nakapakat na militar sa probinsya ay nagpapahiwatig na mayroong malakihang pagmimina o target na minahin dito. Ginagamit ang AFP para protektahan ang kanilang pagmimina at ito ay hinahayaan lang ng mga lokal na gobyerno partikular ang mga namumuno sa probinsya (Gobernador). Ito ay magbubunsod ng pagtindi ng paglabag sa karapatang-pantao.

Sa katunayan, bantay sarado ang paligid ng Filminera ng 500 kataong securirty na ang iba ay mga dati nang CAFGU sa mina ng Filminera sa Mindanao. Dagdag dito ang isang kumpanya pa ng Philippine Army, at ang ngayon ay kwintas ng mga detatsment kabilang ang isa pang kumpanya ng 5th SCAA sa paligid ng mina.

Sa kabila ng paglapastangan na ito ng Filminera Resources Corporation sa kalikasan, nagawa pang bigyan ng award o papuri noong Marso 2014 dahilan daw sa pangangalaga nito sa kalikasan at ang nagbigay pa ng pagkilala ay ang chairman ng CBCP o samahan ng mga Obispo na si Arsobispo Villegas.

Ang ganitong kalagayan sa simula't simula ay hindi nanahimik ang mamamayang Masbateño, may mga tumutol at lumaban na sa mga pakana ng Filminera laluna ang mga direktang apektado. Katunayan ay hindi pa nagsisimula ang mina ay nagresayn na ang noo'y pari ng Aroroy na si Father Alforte bilang protesta sa magiging epekto sa tao at kalikasann.

Pagkatapos nito ay nabuo rin ang mga organisasyon na nakapaloob sa Alyansa Tigil Mina na isang pambansang alyansa laban sa mina. May nakatayo ring Concerned Citizens of Aroroy.

May mga sumabay at nanguna ring ilang mga dati at kasalukuyang lokal na opisyal ngunit naging matigas at tuso ang paggamit ng pondo at presyur ng Filminera at kumpanyang dayuhan na hindi kinayang isustini ng mga lokal na lider at opisyal ang kanilang protesta. Napatay din sa kahina-hinalang sirkumstansya ang noon ay tumatayong vice mayor ng Aroroy na di imposibleng may kinalaman sa mga natatanggap na kontrata o pondo mula sa mina.

Sa bahagi ng rebolusyonaryong kilusan, makailang beses ding nagsagawa ng pagsisikap ang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan para sa pagdepensa sa mga naging biktima sa pamamagitan ng pamamarusa at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa Filminera at sa mga security at PNP na bayaran ng kumpanya.

Subalit sa kabila nito ay patuloy pa rin sa pag-oopereyt ng Filminera Resources Corporation at lalo nitong pinalakas ang seguridad sa pamamagitan ng paggamit sa AFP, PNP, CAFGU at SCAA.

Kaya, napapanahon nang lahatang panig at mapagpasyang paigtingin ang pakikibaka upang labanan, ipasara at palayasin ang Filminera Resources Corporation na nagmimina sa Aroroy, Masbate at mga katabing bayan nito sa probinsya. Kailangan ituon ang pagtutol at paglaban sa FILMINERA, sa mga ahensyang kasabwat nito partikular ang DENR, mga militar (ang dating Task Group Masbate), mga lokal na opisyales o pulitiko na nagtutulak ng pagpapatupad at higit sa lahat sa kasalukuyang administrasyon ni Noynoy Aquino na siya ngayong pangunahing nanghihikayat ng mga Korporasyong Transnasyunal sa pagmimina, nag-aapruba at nag-papatupad ng mga batas kaugnay sa pagmimina.



Kailangang isulong ang iba't-ibang porma ng pagkilos - ligal at mala-legal, hayag at lihim armado at de armadong paglaban ng malawak na mamamayang Masbateño na apektado ng pagmimina, pangunahin ng sektor ng magsasaka at mangingisda kasama ang iba pang sektor at grupo tulad ng manggagawa, kababaihan, maralitang tagalunsod, kabataan at panggitnang pwersa partikular ng taong simbahan. Kaugnay dito lahat na apiktado sa malawakang pagmimina ng Filminera Resources Corporation, Lumahok sa Armadong Pakikibaka na sinusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Probinsya ng Masbate sa Pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas para mailigtas ang mamamayang Masbateño sa Delubyo ng Kalikasan na epekto ng Pagmimina ng Filminera Resource Corporation.

Ang pakikibaka laban sa Filminera ay mahigpit na kaakibat at pinapalalim ng pakikibakang anti-pyudal, pinapalawak ng pakiki-bakang anti-pasista at pinapataas ng pakikibakang anti-imperyalista. Lahat na mamamayang Masbateño, magkaisa, magtulungan makibaka para palayasin ang salot na Filminera Resource Corporation sa Probinsya ng Masbate.

Ang punong papel ng US sa labanan sa Mamasapano

Habang tumatagal ay lumilinaw ang namumunong papel ng gubyernong US sa nangyaring labanan sa Tukanalipao, Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25.

Inamin mismo ng isang di pinangalanang upisyal ng PNP Special Action Force (PNP-SAF) na ang gubyernong US ang nagbigay ng mga kinakailangang lohistika, kabilang ang perang ipinambayad sa mga myembro ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) na nagsilbing giya para malapitan ng mga kumando ng PNP-SAF ang target nilang sina Zulkifli bin Hir alyas Marwan at Abdul Basit Usman, na may pinagsamang $9-milyong patong sa ulo mula sa US State Department. Ang US din ang nagbigay ng pondo at datos-paniktik kaugnay ng operasyon para nyutralisahin sina Marwan.

La Vista del Mar Beach Resort. Ang mga pwersa ng US ang siya ring pumili at nagbigay ng espesyal na pagsasanay sa 84th SAF Company bilang pwersang panagupa sa operasyon laban kina Marwan. Magsisilbing pansuporta lamang ang iba pang mga yunit ng SAF, kabilang na 55th SAF Company na nalipol sa Mamasapano. Nagbigay din ang US ng pasilidad para sa pagsasanay ng 84th SAF Company sa La Vista del Mar Beach Resort sa Barangay Upper Calarian sa Zamboanga City. Ang resort ay pag-aari ng pamilya ni Zamboanga City Rep. Celso Lobregat.

Wikileaks Reports.

Tumutugma ang salaysay ng upisyal ng SAF sa mga sikretong mensahe ng US Embassy sa Washington, D.C. mula 2005 hanggang 2010 tungkol sa malaking papel ng US sa kontra-terorismong kampanya ng Pilipinas. Ayon sa mga mensaheng isiniwalat ng Wikileaks, ang gubyernong US ang siyang nagpaplano ng mga lihim na operasyong isinasagawa ng militar, pulisya at iba pang pwersang panseguridad ng Pilipinas. Iniendorso ng US Embassy sa Maynila sa sikretong mensahe nitong .09MANILA2271. na pag-aapruba sa $34.1 milyong badyet mula sa gubyernong US para sa sarisaring kagamitan para sa kampanyang kontra-terorismo noong 2010.

Gayunpaman, tikom ang bibig ng US Embassy tungkol sa mainit na usaping ito na malinaw na yumuyurak sa kalayaan at soberanya ng Pilipinas. Maging ang mga papet nito sa Pilipinas ay nagkukumahog na pagtakpan ang direktang papel ng US sa mga operasyong militar sa Pilipinas. Sa katunayan, sinuspinde ang mga pagdinig sa Mababang Kapulungan ng Kongreso matapos ungkatin dito ng mga progresibong mambabatas ang pananagutan ng US at ni Aquino sa labanan sa Mamasapano.



Hanggang sa kasalukuyan, iginigiit ni PNP Dir. Getulio Napeñas, ang sinibak na kumander ng SAF, na ang papel lamang umano ng US sa Mamasapano ay ang misyong medikal para ilikas ang mga kaswalti ng SAF.

Ayon sa salaysay ng tauhan ng SAF, isang Amerikanong kinilalang Allan Konz ang aktwal na tumayong pinuno ng operasyon. Sa panahon ng operasyon sa Mamasapano, si Konz ay nasa command post ng 43rd SAF Company na nakabase sa Shariff Aguak, Maguindanao kasama ang hepe ng PNP-SAF na si Director Napeñas. Si Konz na nagdikta ng bawat galaw ng operasyon. Naroon din sa pwesto ni Konz ang walo pang di-nakaunipormeng mga sundalong Amerikano.

Ibinunyag din ng mga upisyal ng AFP na ang drone ng US ang siyang nakatunton sa lokasyon ng 84th SAF Company. Ang bidyo ng labanan sa Mamasapano na pinanonood noong umaga ng Enero 25 nina Aquino at mga piling upisyal ng US sa loob ng US Drone Facility sa Edwin Andrews Airbase sa Zamboanga City ay kuha rin ng drone.

Desisyon ng US.

Sa pagkakadisenyo pa lamang ng operasyon ay nilimitahan na ng mga Amerikano ang papel ng AFP. Kung mayroon mang koordinasyon, ito ay para sa gawaing paniktik. Kasinungalingan, kung gayon, na sinasabi ni Napeñas sa pagdinig sa Kongreso na siya ang nagdesisyong huwag makipagkoordina sa militar o MILF dahil wala umano siyang tiwala sa kanila. Ang totoo'y inililihim lamang niya ang papel ng US sa operasyon. Nang balangkasin ang plano, pinaasa rin ng mga Amerikano ang SAF na may reimporsment na darating sakaling magkaproblema, ang

300 iba pang pwersa ng SAF, na mechanized unit ng Philippine Army na may layo lamang na tatlong kilometro sa Mamasapano at suportang artileri.

Pero sa aktwal na labanan, ang US din ang nag-utos na baguhin ang plano at huwag pakilusan ang mga reimporsment na ito (stand down order). Samantala, isinalaysay ng mga lokal na residenteng naka-panayam ng fact-finding mission na pinamunuan ng Gabriela Women's Party at Suara Bangsamoro nitong Pebrero 8-11 na sa loob ng isang linggo bago ang labanan ay paikut-ikot ang isang drone (na tinawag nilang maliit na eroplano.) sa apat na barangay ng Mamasapano. Kumikislap ito tuwing gabi at mababa lamang ang lipad nito halos sa ibabaw lamang ng bubong ng mga bahay. Masinsin ang lipad ng drone sa Barangay Tukanalipao buong gabi ng Enero 24.

Sa aktwal na operasyon noong Enero 25, napatay ang 44 na tropa ng SAF, siyam mula sa 84th Company at 35 mula sa 55th Company. Kabilang din sa napatay ang dalawang kasapi ng MILF na nagsilbing mga giya, at 13 elementong paramilitar. Ayon sa liderato ng MILF, nalagasan sila ng 18 mandirigma. Napatay din ang pitong sibilyan. Ayon sa isang ulat na lumabas sa isang pambansang pahayagan noong Pebrero 5, iniutos sa mga elemento ng SAF na nakaligtas na unahing alisin sa lugar na pinaglabanan ang mga tropang Amerikano. Gayunman, ilang residente ng Tukanalipao ang nagsabing tumulong sila sa pagbubuhat sa bangkay ng isang sundalong Amerikano na isinakay sa berdeng helikopter ng USAID na dali-daling lumapag sa lugar matapos ang labanan. 

Kasaysayan san duta sa Brgy. Danao ug ang pag-intra san Task Group Masbate matapos kampihan an asyendero sa Isla san Ticao.

Tuig 1970, an lolo ni Sherly "Baby" Lim na si Pedro Lim Sr. kag an asawa na si Natalya Yap amu an nagpundar sin 24 ektaryang duta sa barangay Danao, San Jacinto. Nagpublar an mag-asawa sin "homestead" pero binaligya ini ni Pedro Sr. sa iya magurang na asawa ni Mr. Parales na naga-trabaho kag naga-istar sa Manila. Ginhimo na administrador sa duta si Pedro Lim Jr. na ama ni Baby Lim kag anak ni Pedro Lim Sr.

Sa pagkapwesto pa lang ni Pedro Jr. bilang engkargado nagbutang ini sin bantay kag tenante na sinda; Hemeno Portal, Narciso Banoy, Clemente Alcovendas, Jun Oliva, Adulfo Laico, Eping Alepin, Jesus Alepin, Nemrod Bartulay, Jessie Alcovendas, Rolando Amaro, Ronald Amaro kag si Tanoy Amaro.

Ang pamilya Portal ang ginsugo ni Pedro Jr. na akupahon an 6 na ektarya na Timber Land na unang gin publar ni Alfunso Red kag Valentin Angelis. Ginsunod naman sa pag-agaw an duta sa pamilya Alipin, Marestila, Espares kag iba pa. Umato kag nagsampa sin kaso sinda Valentin Angelis kag Alfunso Red kay may kapot man sinda nga papeles na patunay na sadiri ninda ang duta. Tungod premo ni Natalya Yap si Ben Yaneza, Under Secretary ni dating pangulong Marcos makusog an impluwensya sa pamilya Lim sa poder na amo an ginalauman ni Pedro Lim Jr. Gamit ang impluwensya sa poder nahimo ni Pedro Jr. agawon an dyurugtay na duta san mga parag-uma na katakin sa iya administrado na duta.

Matapos lang an duha na hearing sa kaso pinalabas dayon sa korte an desisyon. Pyerdi ang mga garagmay na parag-uma bisan pa hawid ninda an papeles kag gana an para-agaw sin duta na si Pedro Lim Jr. Nag-uruli sa isla san Ticao hali sa Masbate City na malain an boot san mga parag-uma kag dili ninda mabaton na mawara an ginalauman ninda na pagakuhaan sin ibubuhay san inda pamilya. Kaya an hinimo ninda dili hinatag an mga titulo o papeles san inda duta kag padayon sinda na nangabuhay sa pagkopra sa pinundar ninda na duta kag kalubihan.

Pero gin padakop sinda sa ama ni Baby Lim kag pinakulong sa kasong pagpangawat, na amo an pinakamasakit kag klarado na panaogdaog kay matapos agawan sin duta ipinakulong pa sinda gamit ang impluwensya sa poder. Nagtarangis kag waran mahimo an mga pobre na nakakulong kag ginhatagan sin kondisyon san ama ni Baby Lim na makalabas la sinda kong isurender kag ihatag sa iya an mga titulo kag mga papeles san duta na naagaw na niya gamit ang desisyon san korte. Tama na lang na nagpaturo sa inda luha an mga biktima sa atubangan san husgado na isinurender ang papeles san inda duta para lang makalabas sa kulungan.

Lalo pa na nakabwelo an ama ni Baby Lim san iya pang-agaw sin duta kay nagkaharadlok an iba pa na inagawan kay segurado na pyerdihon sinda sa kaso kag basi an nangyari na pagkakulong san pamilya Angelis kag Red mangyari man sa inda. Kaya umabot sa masubra 80 ektaryas

ang naagaw na duta kag kalubihan ni Pedro Jr. wara pa labot an 24 ektarya na gina administraran niya. Sa namatay si Pedro Lim Jr., 6 an iya anak sa magkaiba na iloy, 3 an interesado sa duta na sinda EfrenLim, Baby Lim kag Larry Lim. Ang unang sumulod amo si Efren na direktang nag-asikaso kag pinahalian mga dating tenante kag sinublian sin bag-o. Nagamit sin armado si Efren kaya nagkaharadlok an mga parauma, naghali kag naghangyo sin bulig sa mga kasama para di mabaliwala an mga pagsisikap ninda sa pagpundar parapauswagon an produkto san duta na madugay na ninda na ginatrabaho. An dili lang napahali an pamilya Portal kag pamilya Banoy kay nag-abot an papeles san CLOA san 20 ektarya na gin award san DAR sa inda kaya an ginhimo san pamilya ninda binarahin an 20 ektarya sa 15 na bobong.



Tuig 2008, naghangyo sin bulig sa mga kasama ang 15 na bobong kay ginapursige ni Efren na pahalion man sinda pero wara sinda maghali kag nagkabaradilan sinda kontra san mga armado na sinugo kag binayadan ni Efren na mga tawo kaya obligado nang umaksyon an mga kasama para dili maglala ang arawayan sa lugar kag iniskedyul san mga kasama an pakipagkita kay Efren pero di na siya nagsipot sa iskedyul kag sa selpon nala nag-irestoryahan kag kumalma na an sitwasyon kag maayos na nga naghanapbuhay an mga parauma.

Tuig 2009, nag-araway-away an mga magmaranghod na sinda; Efren Lim, Baby Lim, Larry Lim kay pareho sinda eridero sa duta kag pareho gusto na sadirihon sa kada usad kay habo na magbarahin. Tuig 2010 bigla na sumulpot si Baby Lim sa Sitio Guiwanon kasabay ang oro-asawa niya na si Mr. Rodriguez. Pinatipon niya an mga tenante kag nagdeklara na nabakal na niya ang tanan ninda na duta kaya siya na an tag-iya. Nobyembre, 2010 nagkontak si Efren Lim sa mga kasama para mag-pabulig na ma-ayos kag mag-kaarigluhan sinda na mag-maranghod parte sani na duta kay pareho man daw sinda eridero ni Baby Lim kag Larry Lim.

Ensigida nagset sin iskedyol para mag-arigluhan sinda kag kasama an magpasilitar san pag-ayos nagtakda sin petsa kag lugar para mag-irestoryahan pero sa aktwal dili na nadayon an iskedyol kay usad na kampanya san mga militar ang nagkobkob sa lugar, umatras an mga kasama kag nagpatorotokdo si Efren kag Sherly kong sin-o an nagreport sa militar. Tungod sa nangyari naputol na ang kumonikasyon ni Efren sa kasama kag si sherly baby Lim na ang nagsobli kan efren pagkolekta san mga bahin. An pinaka orhi na notisya nagsampa sin kaso sa korte si Efren kontra kan Sherly para makuha niya an duta.

Pagkatuig 2011, personal na nakaistorya san mga kasama si Baby Lim kag inadvisan na ibalik na an duta na dili sainda na ginapanag iya san pamilya Red, Angelis kag Alipin an 13 ektarya san pamilya Espares na lihitimong nagpublar iblangko lang kay pinahali kag may bag-o na ginsubli pero wara maggusto si Sherly kaya inayoan siya sin katibayan o papeles na magpatunay na sadiri na niya an duta. Tinakdaan si Sherly sin 4 kabulan para maihanda an papeles kag maipakita sa itinakda na iskedyol.

Pagkatapos san 4 kabulan nagkita naman nag irestoryahan kasabay an mga nag claim na pinahali pero sa aktwal an dara ni Baby Lim na papeles mapa san Masbate, yellow pad na may skits kag xerox copy na naka-typewriter kaya naglinaw an mga kasama na kulang kag di kamatoodan an dara niya na patunay na siya na ang tagsadiri san duta. Kaya hinatagan siya otro sin 6 na bulan segon sa pagtantya niya na kaya na matipon an mga papeles na lakaton niya.

Sa tuig 2012, pagkatapos san 6 kabulan pangtulo na taragbuan para mapinal na kag maayos sakaling maipresentar na ni Sherly ang patunay na mga papeles pamatood na sadiri na niya ang duta kasabay sa taragbuan tanan na mga parauma para aratubangan na maayos an problema. Unang sinabi ni Sherly Lim sa atubangan san mga kasama kag san mga parauma na wara siya sin papeles kay ginpadara na sa paglubong sa ama niya kag nagakapa siya sa dulom kay dili na pweding makaistorya an patay kaya surender na siya parte sa papeles na makapatunay.

Inilabas sa mga kasama ang mga papeles sa parauma para makita ni Sherly Lim kag san iba pa na parauma, bag-o pala nakuha san parauma kag ginsumite sa kasama an papeles ninda o titulo hali sa (B.O.L) - kadastral survey o kilala san ginatawag na titulo bilang patunay na nag-agaw lang talaga sin duta ang namatay na ama nila Sherly Lim) bagan namongnan si Baby Lim.

Humali sa gilid niya an mga parauma kag nagtiripon ginkita ang papeles na magpatunay na dili kan Sherly Lim an duta. Tungod sa subra na kaalohan wara na makaistorya si sherly kasabay an iya oro asawa na si Mr. Rodriguez humali kag madugay na nga panahon na wara magbalik sa lugar.

Sa nagligad na tuig 2012-2014, tuna san paghali ni Sherly inayos san mga kasama ang mga parauma para dili mag-araway sa pag-asikaso sani na duta lalo na an mga nagkaharadlok na nagpoblar na humali na sa lugar kaya mas nagka-urusad an mga pumuluyo kag mga tenante na himoon nala ini na koope-ratiba (buru-ligan san pagkopra kag bara-hinon sin pareho segon san inda natrabahoan sa kada membro na bali 50 na bobong).

Oktobre 25, 2014 - iskedyol na magtuna na an pag ariya san kooperatiba bigla naman bumalik si baby Lim kasabay an mga opisyal san militar na si Major Armando Benito san 9th IB kag si 1st Lt. Briñas ng 93rd DRC kag ensigida dinukot, ikinulong sa bahay ni Baby Lim sina Roldan Banoy, Meo Espinida, Nono Portal, Toyan Portal, Cesoy Espino inintiruga kag wara sin kalooy na binugbog. Nagkooperar sa militar ang duha na kagawad na si kgwd. Legnis kag kgwd. Laico kay naorit san dili naggusto an mga membro san kooperatiba na sa pisaran ninda ipisar an kopra kay grabi kabarato san kilo kumpara sa iba na pisaran.

Oktobre 30, 2014, Niransak an iba na mga balay kinoruha an mga gamit kag mga manok san katarakin na Sitio, may mga pinanghadlok na kon dili mag-upod sa mga CAFGU pagkopra bintangan na NPA kaya nag-ibakwar an kadamoan na pumuluyo kay dili na pwedi managat kag di pwedi magkadto sa uma na di magpaaram. Ini na ginhimo san mga militar amo ang matood na hitsura san oplan bayanihan (phase 2) kay nabigo man ang unang bwelo san OPB tuna 2011 hasta na 2013.

Kaparte lang sa pagdepensa san mga parauma kag sa sadiri an nangyaring sunod sunod na mga aksyon san mga kasama sa bilog na isla san Ticao. San premiro may tinamaan sa tuhod kag gindara sa aquinas hospital sa Legaspi. Nasundan pa ini sin magkapira na beses para warningan sinda na di isturbuhon ang maayos na pangabuhay san mga sibilyan, kay san wara pa sinda waran problema an paghanapbuhay san mga tawo pero san nag-operasyon sinda kag nag-akupar sa lugar damo-damo sin nagkaharadlok kag nag-ibakwar pakadto sa iba na lugar kag ginbarayaan an pangabuhay, nagutom an mga pamilya, nabayaan an pag-eskwela san mga kabataan kay grabe an hinimo na paglabag san karapatang pantao sani na mga militar na ada yana nagpwesto sa Sitio Guiwanon, Danao, San Jacinto. An nagyari sadton Nobyembre 23, 2014 na may 3 na militar an napatay kag may nasamadan san otro sinda winarningan kay nakasubra-sobra na an mga pang-abuso. Tapos binadil ninda an sibilyan kag insigida ibinarita sa radio na NPA ang nakapatama sa mga sibilyan.

Kon tungkadon naton an bilog na kasaysayan waran duta na masabi na sadiri sa ama nila sherly baby lim pero kong dili na interesado an magurang san lolo ninda na nakabakal san usad na homestead malinaw na an 24 ektarya lamang na ibinaligya san lolo ninda pakadto sa magurang niya na babae an mahimo na susugon san pamilya Lim.

Klarado na inentrahan kinampihan si Lim kag pinagrabe san mga militar an problema san parauma kag asyendero para magamit sa pang atake pero an mga inosente na sibilyan an inda ginapasakitan, sa katuyuan na rumpagon untani an kilusan pero bigo sinda matapos mabulgar an tanan ninda na ginhimo na pangpasakit sa pomuloyo kag ginkwartahan pa si Sherly Lim.

Para takpan an inda kaalohan ginamit pa ninda si Baby Lim sa black propaganda paagi san pag pa istorya san inda programa sa radio agod lokohon an mga tawo pero sigurado na mabigo otro ini na malain ninda na mga plano kay nagalotaw na sinda mismo ang nagasamok sa maayos na pangabuhay san mga sibilyan sa isla san Ticao partikular sa Brgy. Danao, Bartolabac San Jacinto kag sa Brgy. Tuguron, Monreal.

Nanawagan ang CPP-NPA Masbate sundalo san pobre pinaagi sa Jose Rapsing Kumand na mas pasarigon an panindugan atohan kag biguon naton ang malain na handom kag plano san para pang-agaw duta na asyendero kag dayuhan na naga mina na nagabayad sin dako na kantidad sa Task Group Masbate agod rumpagon ang kilusang rebolusyonaryo para waran makadepensa san mga pobre lalo na san mga parauma.

Dapat mag-intra na sa hukbo an mga kabataan na may Edad 18 anyos pataas para makabulig sa pag -

depensa sa pumuluyong Masbateño para mabigo an plano san Filminera Resources Corporation na minahon kag kamkamon an mga yamang minerals sa boundery san tulo na lungsod san Mobo, Milagros kag Uson. Kaya ginapundohan ninda ang mga mag operasyon na mga army kag PNP para hadlukon an mga sibilyan kag maghali sa lugar para makasulod ang pag mimina na ginasuportahan san nagkapira na pulitiko sa lungsod san Mobo, na sugad sani ginatunaan na pag-mina an mayong payong sa itaas san munisipyo san Mobo pero an ginapalotaw ninda sa publiko eco-tourism an gintokod ninda na istruktura at imprastruktura na pinundohan san munisipal goverment kag iakumuda ang interes san mga pulitiko ninda na labag sa intereses san mga parag-uma kag iba pang sektor.

3 armas, nakumpiska sa reyd

Pebrero 14, 2015, alas-6:10 ng umaga ay nireyd ng isang seksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB-Masbate) ang sinkfield company dahil sa paglabag sa mga patakaran at pagbibigay ng impormasyon sa mga militar.

Nakuha mula sa mga gwardiya ang 2 pirasong 9mm, 1 kal. 38 kasabay ang mga bala at magasin. Matapos namang mangakong rerespeto na sila sa kilusan at hindi na magpapagamit sa militar ay binigyan ito ng pagkakataon upang magbago.

Inilinaw din sa kanila na dapat seryusuhin nila ang pagkakataong ito na ibinigay ng mga kasama.

Mga sibilyan, gidakop ug gibun-og sa mga sundalo

Niadtong Pebrero 18, alas-5:30 sa buntag, misulod sa Sityo Kalubian, Brgy. Cabungahan, Cawayan ang mga sundalo tungod sa impormasyong may NPA sa nahisgutang lugar.

Tungod wala sila makahibalo asang balaya nagdayon ang NPA, gidakop nila ang mga sibilyan na sila Pepe Catamisan 46, asawang si Norma 38, ang ilang duhang anak nga si Rolan 15, James 7anyos, Carlos Capangpangan ug Bobong Ploron may asawa ug mga anak. Pinangutana nila kini kung asa nila makit-an ang ilang ginapangita nga NPA. Tungod wala masayod ang mga sibilyan wala kini silay maitudlo o maitug-an apan nasuko ang mga sundalo. Pinukpok sa M16 armalayt ang ulo ni Pepe, gitamparos ang anak na si Rolan ug gitudtud ang tiil sa iyang asawa ug pinitik pa ang dunggan sa ilang 7 anyos na bata. Gikulata usab si Capangpangan ug Ploron sa mga sundalo.

Walay nakita nga NPA ang mga sundalo human silang manghalughog sa kabalayan sa mga sibilyan. Ang 100,000 pesos nga kwarta na inugbayad sa mga bayranan sa mga anak na estudyante, gikuha usab sa mga sundalo. Samtang ang ulitawo nga si Gilbert "Dodong" Henogen 23, ilahang gidakop ug gikuyog pabalik sa syudad sa Masbate sa kahadlok na maambus. Gikuyugan sa mga barangay opisyales sa Brgy. Cabungahan ang ulitawo para masiguro na walay malaing mahitabo niini. Gi-"finger prints" pa si Dodong Henogen antes binuhian dinhang negatibo ang resulta, na dile sya nagagamit ug pusil.



Ang hangyo sa mga opisyales sa Brgy. Cabungahan na kung may ginapangita man nga NPA ang mga sundalo dile nila idamay ang mga inosinteng sibilyan ug ihunong ang mga operasyon nila sa kabukiran tungod sa panahon na naa ang ilahang presensya nagkakaduna ug gubot sa lugar.

Lider ng grupong impostor, tulisan at impormer ng militar, pinarusahan

Ipinatupad ng isang yunit ng BHB ang desisyon ng Hukumang Bayan na parusang kamatayan kay Salvador Cabug ng Brgy. Betitong, Masbate City noong Marso 3.

Napatunayan ng Hukumang Bayan na si Salvador Cabug ang lider sa grupong impostor, tulisan at impormer ng militar at may maraming krimen na dapat niyang panagutan sa kanilang lugar. Isa sa krimeng nagawa ni Cabug at ng kanilang grupo ay ang pangtutulisan, at pagpatay sa mag-asawang Berano sa Brgy. Betitong at pag-rape sa dalagang apo ng mga biktima.

Ang kanilang grupo rin ang nagpapanggap na mga NPA na komukolekta ng pera sa mga negosyante at binabantaan kapag hindi nagbibigay. Nagtutulak din sila ng ipinagbabawal na droga at nagpapabayad para pumatay ng tao.

Ikinumpisal ni Cabug kung sinu-sino ang kanilang koneksyon sa militar at pulis maging ang kanyang mga kasamahan. Ang paglitis at pagpaparusa kay Salvador Cabug ay tugon sa demokratikong Gubyernong Bayan sa isinampang kaso laban sa kanya ng mamamayan sa lugar para mabigyanghustisya ang kanilang mga naging biktema.

Masugid na giya ng militar at lider ng tulisan, inambus ng BHB

Marso 16, alas-6:30 ng gabi, hindi nabigo ang mga kasapi ng BHB na nag-aabang sa notoryosong lider na si Bebe Recamadas sa Brgy. Mahayahay, Placer, Masbate.

Si Recamadas ay isang aktibong impormer ng militar at sumasama sa operasyon bilang isang giya. Maliban sa pagiging aktibong impormer at giya ng military, sangkot din siya at ang kanyang grupo sa pangtutulisan, pagpatay at panggagahasa.

Mismong ang asawa niya ang nagkumpirmang maraming naging biktima ang grupo nila Bebe. Sinabi rin nito na anumang ginawang krimen ni Recamadas ay wala siyang kinalaman.

Nakuha kay Bebe Recamadas ang lahat na kagamitang ginagamit sa panahon ng kanilang mga sekretong operasyon. Kinabibilangan ito ng isang kal. 45, mga bala at magasin, wig, maskara at ang motorsiklo.

Binalaan naman ang lahat ng kanyang kasamahan na itigil ang kanilang kasamaang ginagawa na ibinibintang nila sa NPA. Magbagong buhay na at hindi aksayahin ang pagkakataong ibinigay sa kanila upang maituwid ang lahat ng kanilang mga pagkakamali. AK

Koordinadong aksyong militar laban sa pananalasa ng Oplan Bayanihan, inilunsad

Kasabay ng pananalasa sa inilulunsad na Phase 2 ng Oplan Bayanihan para wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa probinsya ng Masbate ay magkakasunod na aksyong militar ang tugon ng Bagong Hubong Bayan na nagresulta sa pagkapatay ng 2 at maraming sugatan sa pinagsanib na tropa ng 9th IB-PA, Division Reconnaissance Company (DRC) at Public Safety Battalion (PSB) sa isla ng Ticao.

Matatandaan na noong Marso 19, nag *"courtesy call"* sa isang Mayor sa Isla ng Ticao ang mga militar kasama ang ilang sundalong Amerikano. Marso 20, lantaran ng inakupa ng tag-iisang platoon ang apat na barangay sa bayan ng Monreal (Tugoron, Cantorna, Maglambong, Rizal) habang 6 na barangay naman sa bayan ng San Jacinto (Jagnaan, Mabini, Batang, Pinya, Bartolabac at Danao).

Matagal na panahong tahimik ang lugar subalit ngayon ay ginugulo ng mga militar ang mga magsasaka at mangingisda sa nasabing lugar. Pinipigilan nito ang paghanap-buhay nila dahil kailangan munang magpaalam sa militar kung saan pupunta at kailangang magreport uli ito pag-uwi, dapat bago pa dumilim ay naka-uwi na. Dagdag itong pahirap sa dati nang naghihikahos na kalagayan ng mamamayan sa Isla ng Ticao.

Dahil dito, inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang koordinadong aksyon militar laban sa mga abusadong kasapi ng 9th IB PA at Regional Public Safety Battalion para protektahan ang mga masa at mamamayan sa Isla.

Marso 22, alas-2:30 ng hapon, sekretong nilapitan ng isnayper tim ang isa sa 10 kolum ng nag-ooperasyong mahigit isang batalyon ng pinagsanib na tropa ng mga mersenaryong sundalo. Isa agad ang bumulagta matapos ang unang putok at

nakumpirmang patay matapos marinig ng masa ang pinag-uusapan nito nang tumawag sa isa pang kolum na nakapwesto sa Brgy. Cantorna.

Marso 25, alas-9 ng gabi ginulantang ng putok at pagsabog ng granada ang detatsment ng army at CAFGU sa Sityo Anapog, Benas, Claveria. Dahil sa pagkabigla ay walang habas na nagpaputok sa ibat-ibang direksyon ng mahagisan ng 10 granada at paputukan ng 4 na bala ng M203 granade laucher. Hindi matiyak kung may nasugatan sa kanilang hanay habang ligtas namang nakaatras ang mga kasama.

Marso 26, alas-7:30 ng gabi ay biglang ginulantang ng putok habang naghahapunan ang mga army sa Brgy. Cantorna sa bayan ng Monreal. Hindi kaagad nakaporma at wala sa direksyon ang pagpapaputok ng militar. Sa kapareho ding araw, Marso 26, Alas-12 ng hating gabi ng pasabugan ng M203 granade launcher at command detonated explosive ang head quarter ng Public Safety Battalion sa Brgy. Burgos, San Jacinto. Nagresulta ito sa maraming nasugatan.



Dahil sa pagkabigla ay walang habas na nagpaputok ng walang direksyon lalo na malapit sa itinayong kumand post ng 9th IB phil army sa pamumuno ni Lt.Col. Ericson Rosana. Puyat at pagod ang kanilang natamo dahil sa walang tulog hanggang mag-umaga sa kanilang pusisyon matapos mag-aksaya ng kanilang mga bala.

Marso 31, sekritong naipasok ng kumando tim ang bomba sa loob ng detatsment ng Public Safety Battalion sa Sityo Lucban, San Rafael sa bayan ng San Pascual. Pagkatapos pasabugin ay naririnig ang sigawan sa pagkabigla na nagresulta sa pagkamatay ng isang kasapi ng PSB at ikinasugat ng iba pa.

Abril 1, alas-2:30 ng madaling araw pinasabugan ng bomba ang isa pang detatsment ng PSB sa Brgy. Benas District 2, Claveria. Bagamat hindi masyado naidikit dahil nakapag-handa ang mga alertadong nagbabantay sa loob ng detatsment, dahil sa lakas ng pagsabog ay labis rin na nabigla ang kaaway kaya walang habas silang nagpaputok ng walang direksyon.



Engkargadong mangangam-kam ng lupa at impormer ng pulis, dinis-armahan

Marso 24, alas-6 ng umaga, nireyd ng isang platoon ng BHB (JRC-Masbate) ang bahay ni Joy Misa sa Sityo Tuos, Maulingon, Mandaon.

Si Joy ay nang-aagaw ng lupa at niyugan sa katabi ng rantso na kaniyang binabantayan. Isa rin siyang impormer ng pulis at ginagamit niya ang kanyang baril upang takutin ang may-ari ng lupang kinamkam na mahigit isang taon na niyang pinakikinabangan at kinokopra ang niyugan nito.

Kinumpiska sa kanya ang shotgun, mga bala at scope. Inilinaw rin sa kanya ang mga nagawa nyang kasalanan at binigyan ng pagkakataon upang magbago.

Samantala, inisparo ng isang tim ng BHB noong Marso 21, alas-11:30 ng umaga si Nelson Dela Cruz Monte Alegre na mas kilala bilang "Jojo Bagyo" sa Brgy. Hanggan, Balud. Si Bagyo ang nagpakobkob sa mga NPA na nakabase sa nasabing lugar na ikinasugat ng isang kasama.



Giya sa operasyon ng militar at dealer ng shabu, pinag-bayad sa krimen

Alas-12 ng tanghali, noong Abril 2, ay surpresang inatake ng BHB ang mismong bahay ni Junior Berdijo sa Brgy. Matagangtang, Placer at ang badigard nitong taga-Cebu.

Hindi na nagawang makabunot sa kanyang baril si Berdijo maging ang kanyang kasama dahil naunahan ito ng kasama.

Nakumpiska ang hawak niyang kal.45, mga bala at magasin kabilang ang cellphone na ginagamit nila para mag-ulat ng impormasyon sa militar at pakikipagtransaksyon sa mga nag-oorder ng shabu.

Matagal ng binalaan si Junior para magbago subalit imbes na makinig ay mas lalo pang naging aktibo at naging giya pa siya sa mga operasyon laban sa rebolusyonaryong kilusan, at sa pagkobkob sa mga kasama na nagresulta sa barilan. Si Berdijo ay isang barangay kagawad sa kanilang lugar.



BUHAY AT BUKID

Buklod

C

Ang buhay niya ay bukid

FM7

Kaulayaw bawat saglit

C

Munti niyang pangarap

FM7 G

Dito na nailibing

Em Am-Dm

Kailan pa ba makikita

Ang lupang minana

F G C

Ay maaari na ring tawaging kanya?

Bawat butil na pinagyaman

Ay pait ang kawalan

Sa gitna ng kahirapan

May uring nakinabang.

Kailan pa ba makikita

Ang lupang minana

Ay maaari na ring tawaging kanya?

KORO:

F C

Lalaya rin ang lupa at mga magsasaka

F

C

Tutulungan sila ng mga manggagawa

Em Dm

Babawiin ang lupang ninakaw ng iilan

F G

At ang bunga ng lupa'y bayan na ang

C

aani. *(ulitin ang KORO)*

DAPAT BAWIIN

Gm
Tinatanong ko ngayon sa iyo
Kung hindi mo ba naiisip
Bb D7
Na ang lupang ito'y sa atin at hindi
Gm
Sa lalong mayro'n

Koro:
Cm D7 Cm
Dapat bawiin (dapat bawiin)
Cm
Ang lupang ito'y sa akin
D7 Gm
Sa'yo at sa kanya
Cm D7 Gm
Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose
Cm D7 Gm
Kay Perdo, Maria, kay Juan at Jose
Gm
Tinatanong ko ngayon sa'yo
Kung hindi mo ba naiisip
Bb D7
Na ang lupang ito na nilinang
Gm
Natin sa ating mga kamay
(koro)
Gm
Kung ikaw ay nababahala
Sa awitin kong ito
Bb
Ikaw ba'y panginoong maylupa
D7 Gm
O may ari ng Pilipinas
(koro